



# Gabay sa Mga Benepisyo sa Guam

MGA PLANO SA ORAS-ORAS NA BENEPISYO NG EMPLEYADO SA 2025



TALAHANAYAN NG

# MGA NILALAMAN

03	Panimula
06	Insurance sa Kalusugan
09	Well-Being
11	Buhay at AD&D
12	Mga Benepisyo sa Pagreretiro
14	Mga Boluntaryong Benepisyo
17	May Bayad na Time Off
20	Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan



## PANIMULA

Alam mo nang magandang magtrabaho sa Granite, ngunit alam mo ba na ang Granite ay nag-aambag nang higit pa sa iyong mga gastos sa planong pangkalusugan kaysa sa average sa industriya ng konstruksyon? Ang mga empleyado ng Granite ay nagbabayad lamang ng 19% ng kanilang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan kumpara sa benchmark sa konstruksyon na 34%. Ibig sabihin, mahigit \$3,000 ang natitipid mo taon-taon!


Nag-aalok din ang Granite ng iba't ibang plano at programa upang matulungan ka at ang iyong pamilya na manatiling malusog, kahit nasaan ka man sa iyong paglalakbay sa pangangalagang pangkalusugan.

### ILANG MAHALAGANG BAGAY NA DAPAT MALAMAN

Piliing mabuti ang iyong mga benepisy, kapag pinili mo na ang iyong mga benepisy, hindi mo na mababago ang mga ito nang walang isang kwalipikadong kaganapan sa buhay tulad ng:

- Pagpapakasal/Diborsyo
- Pagpapanganak, pag-ampon, o pagkuha ng isang bata
- Pagkamit o pagkawala ng iba pang insurance sa kalusugan (kabilang ang Medicaid o Children's Health Insurance Program, CHIP)
- Pagbabago sa Address, na nakakaapekto sa mga magagamit na plano sa benepisy

Kailangan mong abisuhan ang mga benepisy tungkol sa kaganapan sa loob ng 31 araw (60 araw para sa CHIP) mula noong kaganapan at ibigay ang kinakailangang dokumentasyon.



Kung hindi ka pa rin sigurado tungkol sa kung anong mga plano/programa ang para sa iyo pagkatapos suriin ang gabay na ito, gamitin ang ALEX, isang interactive na tool na idinisenyo upang matulungan kang gumawa ng pinakamahuhusay na pagpapasya para sa iyong mga natatanging pangangailangan. Tatanungin ka ng ALEX ng isang serye ng mga tanong at magrerekomenda ito ng iba't ibang opsyon sa loob ng programa ng benepisy na malamang na pinakamainam para sa iyo.

Matuto pa: [www.start.myalex.com/granite-construction](http://www.start.myalex.com/granite-construction)



**alex**<sup>®</sup>

I-scan ang QR code para mag-log in sa ALEX:

Ibinibigay ang dokumentong ito para lamang sa mga layunin ng impormasyon. Sa lahat ng sitwasyon, ang panghuling pagpapasya sa benepisy ay ibabatay sa Paglalarawan ng Buod ng Plano ng carrier ng insurance para sa taon ng plano 2025.

# PAGIGING KWALIPIKADO



## Kwalipikado ka para sa mga benepisyong Granite kung ikaw ay:

Nasa oras-oras na payroll ng Guam at nakatira sa Guam.

Ang iyong pagsaklaw ay karaniwang magsisimula sa unang araw ng buwan kasunod ng petsa ng pag-hire sa iyo o paglipat sa full-time na katayuan.

Hindi ka kwalipikado para sa planong ito kung ikaw ay saklaw ng isang kolektibong kasunduan sa bargaining, sa ilalim ng isang plano sa kalusugan at kapakanan ng Davis Bacon, isang plano sa kalusugan at kapakanan ng nonunion craft, o kung klasipikado o itinuturing kang nili-lease, pansamantala, o empleyado ng ahensya sa staffing.

## Walang doble o duplicate na pagsaklaw:

Kung ikaw at ang iyong (mga) dependent (asawa/domestic partner o (mga) anak) ay nagtatrabaho sa Granite Construction Incorporated o isang subsidiary na kumpanya, hindi ka maaaring parehong saklawin bilang empleyado at bilang dependent.

Ikaw at ang iyong dependent ay dapat magpatala nang hiwalay para sa pagsaklaw na pang-empleyado lamang, o isa sa inyo ang maaaring mag-waive ng pagsaklaw bilang isang empleyado at, sa kundisyon na kwalipikado ka bilang isang dependent ng isang empleyado, magpatala bilang dependent mo o niya.

**Halimbawa 1:** Nagtatrabaho sa Granite ang isang ina at anak na babae (22 taong gulang). Maaaring magpatala ang ina at anak na babae nang hiwalay, o maaaring i-waive ng anak na babae ang pagsaklaw bilang isang empleyado at maitala bilang isang dependent na anak ng ina.

**Halimbawa 2:** Kung parehong mag-asawa/domestic partner ay nagtatrabaho sa Granite, sinuman sa inyo ang maaaring sumaklaw sa inyong mga dependent na anak, ngunit hindi maaaring kayong dalawa.

## Kabilang sa iyong mga kwalipikadong dependent ang:

Iyong legal na kasal na asawa, gaya ng tinutukoy sa ilalim ng mga batas ng estado, teritoryo, o bansa kung saan isinagawa ang kasal.

Iyong kwalipikadong domestic partner, same-sex at opposite-sex na couple na nakarehistro sa anumang estado o lokal na pamahalaan, registry sa domestic partnership, o may isang valid na civil union

Iyong mga kwalipikadong anak hanggang sa edad na 26. Kabilang sa mga kwalipikadong anak ang mga biyolohikal na anak, stepchildren, mga legal na inamong anak, mga anak ng iyong domestic partner, at mga anak sa ilalim ng pag-aalagang hinirang ng hukuman.

Ang iyong mga anak na may kapansanan na walang asawa sa anumang edad na hindi kayang suportahan ang kanilang mga sarili dahil sa kapansanan sa pag-iisip o pangangatawan na nagsimula noong wala pang 26 na taong gulang, na nakatira kasama mo, at tumatanggap ng mahigit kalahati ng kanilang suporta mula sa iyo.

Mga bata na may obligasyon kang saklawin ayon sa iniaatas ng Qualified Medical Child Support Order (QMCSO).

## Dokumentasyon ng Dependent:

Kakailanganin mong magbigay ng dokumentasyon ng dependent, gaya ng sertipiko ng pagpapakasal, Affidavit ng Domestic Partnership, sertipiko ng kapanganakan, o tax return.

Mangyaring bisitahin ang <https://www.graniteconstruction.com/guam-hourly> para sa kumpletong listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumentasyon.

# DOMESTIC PARTNERS



## Karagdagang Impormasyon sa mga Domestic Partner

Dahil sa mga regulasyon ng IRS, kung pipili ka ng pagsaklaw sa domestic partner at hindi mo kwalipikadong dependent sa buwis ang iyong partner, ang halaga ng mga benepisyong ito ay maaaring mabilang o ma-impute sa iyo bilang kita at mapapailalim ito sa mga buwis sa kita at payroll ng pederal at estado.

Ang na-impute na kita ay idinaragdag sa mga kita na ipinapakita sa iyong W2, at nagbabayad ka ng mga buwis mula sa bawat suweldo sa halagang iyon. Dagdag pa, ayon sa pederal na batas, dapat mong bayaran ang premium para sa pagsaklaw ng iyong partner sa batayang pagkatapos ng buwis.

Kapag nagpapatala sa Workday application, dapat kang magsumite ng Form ng Affidavit ng Domestic Partnership o isang dokumento ng Rehistradong Domestic Partner. Makukuha ang form na ito sa Granite Insiders sa seksyon ng Mga Benepisyo.

## Pagiging Kwalipikado ng Domestic Partner:

- Ang mag-partner ay hindi kasalukuyang kasal.
- Ang mag-partner ay hindi magkamag-anak sa isang paraan na magbabawal sa pagpapakasal.
- Ang mag-partner ay dapat hindi bababa sa 18 taong gulang.
- Ang mag-partner ay nakatira nang magkasama sa iisang tirahan.
- Ang mag-partner ay hindi kasalukuyang nakarehistro bilang mga domestic partner ng ibang tao.


**GRANITE**

# Insurance sa Kalusugan

MEDIKAL, NGIPIN,  
PANINGIN



# MEDIKAL, NGIPIN, AT PANINGIN



## NETCARE POS ADVANTAGE HEALTH PLAN BUNDLE Medikal/Ngipin/Paningin

### Naibabawas

\$0.00/indibidwal; \$0.00/pamilya

Maximum mula sa Sariling Balsa  
\$2,000/indibidwal; \$6,000/pamilya

### Pangkalahatang-ideya

Nagbabayad ang Granite ng 100% ng premium para sa lahat ng kwalipikadong miyembro ng pamilya.

Ang mga miyembro ay nagbabayad ng co-insurance o 20% ng mga Saklaw na Singil para sa mga serbisyo hanggang sa maabot ang taunang maximum mula sa sariling balsa.

Ang mga serbisyo sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ay 100% saklaw ng mga nasa network na provider.

### Kasama sa Smile Dental:

100% ng mga serbisyong diagnostic at pang-iwas sa sakit ay saklaw sa inaprubahang rate.

80% ng mga pangunahing serbisyo (60% wala sa network) ay saklaw. Kasama dito ang operasyon sa bibig, mga filling, pag-aalis ng tissue, at mga root canal.

Nagbabayad ang plano nang hanggang \$1,000 kada miyembro kada taon.

### Kasama sa Paningin:

100% ng mga frame at lens ay saklaw. Nagbabayad ang plano nang hanggang \$150 kada miyembro kada taon.

### Mga Pagbabawas sa Buwanang Payroll ng Empleyado

Empleyado Lamang \$0

Empleyado + Asawa \$225

Empleyado + (Mga) Anak \$225

Empleyado + Pamilya \$280



**GRANITE**<sup>®</sup>  
Well-being





# NAG-AALAGA ANG GRANITE - WELLNESS PARA SA LAHAT



## Pangkalahatang-ideya:

Isinasalang-alang ng Granite Construction ang iyong kalusugan, at gusto naming magbigay sa iyo ng mga tool at resource upang maging malusog at manatiling malusog.

Ang Vitality ay isang kumprehensibo, interactive, at naka-personalize na programa sa wellness na tumutulong sa iyo na gumawa ng magagandang pasya upang bumuti ang iyong pakiramdam at magkaroon ka ng mas malusog na pamumuhay. Maipapakilala sa iyo ng Vitality ang isang mundo ng wellness. Kabilang sa ilang feature at reward ang pag-reimburse sa gym, ang Vitality Mall kung saan maaari kang mag-redeem ng mga puntos para sa mga gift card o fitness device, ang Apple Watch Program, at marami pang iba!

Magrehistro para sa Vitality sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.powerofvitality.com/vitality/login](http://www.powerofvitality.com/vitality/login)



## ANG IYONG PROGRAMA NG TULONG SA EMPLEYADO:

Kumpidensyal na therapy, coaching, at serbisyo sa kaganapan sa buhay. Walong therapy session na walang bayad para sa mga empleyado at mga miyembro ng kanilang sambahayan na 6+ taong gulang

## Pangkalahatang-ideya:

Ang programang ito ay nag-aalok ng isang malawak na network ng iba't ibang provider upang bigyan ka o ang iyong mga mahal sa buhay ng mabilis na access sa pangangalaga. Ang bawat saklaw na miyembro ay may access sa walong libreng session sa pagpapayo o coaching. Isang nakatuong navigator sa pangangalaga ang tumutulong sa buong proseso ng pangangalaga. Motivational na coaching upang magtakda at magkamit ng mga layunin kaugnay ng pagiging magulang, kalusugan at wellness, at personal na pag-unlad.

Matuto pa:  
[care.springhealth.com/sign in](http://care.springhealth.com/sign in)

**GRANITE**

Buhay at AD&D



# MGA PLANO SA BUHAY AT AD&D



## PANGUNAHING LIFE INSURANCE AT AKSIDENTENG PAGKAMATAY AT PAGKAWALA NG BIYAS (AD&D)

Mga benepisyo na binabayaran ng kumpanya na pinangangasiwaan ng AFLAC

### Pangkalahatang-ideya

Nagbibigay ng proteksyon sa kita at mga benepisyo ng survivor para sa iyong pamilya.

Ang benepisyo para sa parehong pagsaklaw sa Basic Life at AD&D ay katumbas ng 1 na imu-multiplied sa iyong taunang batayang suweldo (na ni-round up sa pinakamalapit na \$10,000); minimum na \$50,000.

Kung ang halaga ng iyong pagsaklaw ay mahigit \$50,000, magbabayad ka ng mga buwis sa premium na binabayaran ng Granite para sa iyong pagsaklaw.

Ang mga benepisyo bababaan sa 65% sa edad na 65 at sa 50% sa edad na 70.



Matuto pa: [learn.aflac.com/granite](https://learn.aflac.com/granite)

**GRANITE<sup>®</sup>**

# Retirement Savings Benefits



# PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO



## 401(K) PLAN

### ASC Trust

#### Pangkalahatang-ideya:

Tutumbasan ng Granite ang bawat dolyar ng mga kontribusyon sa 401(k) nang hanggang 6% ng iyong kwalipikadong kabayaran.

Ang plano sa pagreretiro ng Granite ay nagbibigay-daan sa iyo na mag-ambag ng mula 1% hanggang 50% ng iyong kwalipikadong sahod. Ang kabuuan ng iyong mga pinagsamang kontribusyon bago ang buwis at Roth 401(k) pagkatapos ng buwis ay hindi maaaring lumampas sa 50% ng iyong sahod o sa mga taunang limitasyon sa kontribusyon ng IRS.

Kwalipikado ka kaagad na lumahok sa plano at tumanggap ng iyong pagtumbas ng kumpanya. Kung hindi ka gagawa ng pagpili ng isang aktibong pagpapatala, 3% ng iyong kwalipikadong sahod ay awtomatikong iaambag sa plano sa bawat panahon ng suweldo, na nagsisimula sa humigit-kumulang 30 araw kasunod ng petsa ng pag-hire sa iyo (o sa lalong madaling panahon na mapapangasiwaan na ito pagkatapos nito).

Tutumbasan ng Granite ang porsyento ng bawat dolyar ng iyong sahod na iniaambag mo nang hanggang 6%.

Halimbawa:

- Kung mag-aambag ka ng 1%, awtomatikong mag-aambag ang Granite ng karagdagang 1%.
- Kung mag-aambag ka ng 3%, awtomatikong mag-aambag ang Granite ng karagdagang 3%.
- Kung mag-aambag ka ng 6% o higit pa, awtomatikong mag-aambag ang Granite ng karagdagang 6%.

Maaari mong baguhin ang iyong pagpili anumang oras sa kabuuan ng taon.



**GRANITE**

# Mga Boluntaryong Benepisyo



# IBA PANG BOLUNTARYONG PLANO NG BENEPISYO



## KRITIKAL NA KARAMDAMAN

### Pangkalahatang-ideya:

Ang insurance sa Panggrupong Kritikal na Karamdaman ay nagbabayad ng halaga ng cash na benepisyo kung una kang na-diagnose na mayroon ng isa sa mga nakalistang kritikal na karamdaman, gaya ng kanser, atake sa puso, stroke, atbp. Ang mga benepisyo ay binabayaran bilang karagdagan sa iba pang pagsaklaw na mayroon ka na, at maaari itong magamit upang makatulong na magbayad para sa mga naibabawas, paggamot, renta o mortgage mo, at marami pa.

## INDEMNITY SA OSPITAL

### Abiso

Kung papalitan ng pagsaklaw na ito ang anumang umiiral na indibidwal na policy, paalalang maaaring nasa pinakamainam mong interes na panatilihin ang iyong indibidwal na garantisadong nare-renew na policy. Abiso sa Mamimili: Ang mga pagsaklaw na ibinibigay ng Continental American Insurance Company (CAIC) ay kumakatawan sa mga supplemental na benepisyo lamang. Hindi bumubuo ang mga ito ng kumprehensibong pagsaklaw sa insurance sa kalusugan at hindi tumutugon ang mga ito sa kinakailangang minimum na mahalagang pagsaklaw sa ilalim ng Affordable Care Act. Ang pagsaklaw ng CAIC ay hindi naglalayong pumalit sa o maibigay kapalit ng pangunahing medikal na pagsaklaw. Idinisenyo ito upang magdagdag sa isang pangunahing medikal na programa.

### Pangkalahatang-ideya:

Ang insurance sa Medikal na Panggrupong Indemnity (pagpapaospital) ay tumutulong sa pagpuno sa mga puwang sa iyong pagsaklaw. Kung ikaw ay naospital, ang mga cash na benepisyo ay ibabayad sa iyo at maaaring magamit upang makatulong na magbayad para sa mga naibabawas, paggamot, renta o mortgage mo, at marami pa.

## AKSIDENTE

### Pangkalahatang-ideya

Ang insurance sa Panggrupong Boluntaryong Aksidente ay nagbabayad ng halaga ng cash na benepisyo kung ikaw ay aksidenteng napinsala. Ang mga benepisyo ay binabayaran bilang karagdagan sa iba pang pagsaklaw na mayroon ka na, at maaari itong magamit upang makatulong na magbayad para sa mga naibabawas, paggamot, renta o mortgage mo, at marami pa.

## LEGAL NA PAGSAKLAW

### Pangkalahatang-ideya

Ang Hyatt Legal/MetLaw Group Legal program ay nagbibigay ng legal na tulong sa pamamagitan ng isang network ng mga propesyonal na abugado. Kabilang sa mga serbisyo ang paghahanda, pag-ampon, pagbebenta o pagbili ng bahay, at pangangasiwa ng personal na utang o pagpapalano ng buwis, bukod sa marami pang iba, sa halaga lamang na \$16.50 kada buwan.

Isaayos ang iyong mga affair sa pamamagitan ng paggamit ng isa sa maraming abugado ng Hyatt Legal upang gumawa ng isang libreng Living Trust.



Matuto pa: [learn.aflac.com/granite](https://learn.aflac.com/granite)

Magpatala: [graniteconstruction/paylogix.com](https://graniteconstruction/paylogix.com)



Matuto pa: [mybenefits.metlife.com](https://mybenefits.metlife.com)

(Pangalan ng Kumpanya: Granite Construction Incorporated)

# IBA PANG BOLUNTARYONG PLANO NG BENEFISYO



## BOLUNTARYONG INSURANCE SA ALAGANG HAYOP

**Taunang Naibabawas:** \$250

**Taunang Maximum na Naibabawas:** \$7,500

### Pangkalahatang-ideya:

Kwalipikado ang mga empleyado ng Granite na makatanggap ng mas gustong pagpepresyo para sa Insurance sa Alagang Hayop. Gumamit ng sinumang vet, at makakuha ng 90% cash back. Itinatampok sa pagsaklaw ang pinsala sa alagang hayop, karamdaman, wellness, pang-iwas sa sakit, mga inireresetang diyeta, mga paglilinis ng ngipin, pagpapakapon, mga masustansyang supplement, pag-uugali, pang-emergency na boarding, pagkawala dahil sa pagnanakaw, benepisyo sa mortalidad, at marami pa. Makatanggap ng mas malalaking diskwento para sa maraming alagang hayop. Nalalapat ang ilang pagbubukod, gaya ng mga umiiral nang kundisyon.



Matuto pa: [benefits.petinsurance.com/granite-construction-incorporated](https://benefits.petinsurance.com/granite-construction-incorporated)

o tumawag sa 877-738-7874

## BOLUNTARYONG INSURANCE SA KOTSE AT BAHAY

Farmer's Auto & Home

Tumawag sa 1-800-438-6381

### Pangkalahatang-ideya:

Maaaring piliin ang programa sa panggrupong insurance ng Farmers anumang oras ng taon. Ma-access ang mga value-added na feature at benepisyo, kabilang ang mga espesyal na diskwento sa panggrupong insurance sa Kotse, Bahay, Personal Excess Liability, Bangka, Condo, Motor Home, Recreational na Sasakyan, at o mga Renter. Ang mga premium ay direktang ibinabayad sa Farmers sa pamamagitan ng mga flexible na opsyon sa pagbabayad.



## BOLUNTARYONG PROTEKSYON LABAN SA PAGNANAKAW NG PAGKAKAKILANLAN

Allstate Identity Protection

Tumawag sa 1.800.789.2720

Magpatala: [myaip.com/graniteconstruction](https://myaip.com/graniteconstruction)

### Pangkalahatang-ideya:

Proteksyon sa Digital na Pagkakakilanlan at Pinansyal na Wellness mula sa Allstate®

- Pagbabantay sa pagkakakilanlan at tri-bureau credit
- Ulat sa credit kada taon at isang score
- kada buwan
- Allstate Digital Footprint™
- Pagbabantay sa reputasyon sa social media
- Pagbabantay sa threshold
- Toolbox ng pinansyal na wellness
- Storage at pagbabantay sa digital na wallet
- Full-Service na Remediation
- \$1,000,000 na Insurance Policy sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan



**GRANITE**

# May Bayad na Time Off at Leave of Absence



# PAID TIME OFF



## **MGA MAY BAYAD NA WELLNESS DAY (PWL)**

Nagbabayad ang Granite sa mga sick day kung saan iniaatas ng batas.

## **MAY BAYAD NA BOLUNTARYONG TIME OFF**

Hanggang 16 na oras kada taon upang magboluntaryo sa mga komunidad kung saan ka nakatira at nagtatrabaho.

## **MAY BAYAD NA PARENTAL LEAVE**

Lahat ng full- o part-time na empleyado ng Granite ay makakatanggap ng hanggang 4 na linggo ng may bayad na parental leave kasunod ng kapanganakan ng anak ng isang empleyado o ang paglalagay ng isang bata sa pangangalaga ng isang empleyado kaugnay ng pag-ampon o foster care. Ang layunin ng may bayad na parental leave ay bigyang-daan ang empleyado na mapangalagaan at maka-bonding ang isang bagong-panganak o bagong-ampon o bagong aalagaang bata. Ang policy na ito ay gagana kasabay ng leave ng Family and Medical Leave Act (FMLA), kung naaangkop at kasabay ng anumang naaangkop na leave na binabayaran ng estado.

## **BEREAVEMENT LEAVE**

Mahirap harapin ang pagkawala ng isang mahal sa buhay, kaya nagbabayad ng bereavement leave ang Granite. Ang bilang ng mga araw ay tinutukoy ayon sa relasyon.

# LEAVE OF ABSENCE



Kabilang sa mga Leave of Absence ang Family at Medical Leave para sa sakit, upang alagaan ang isang bagong-panganak o isang miyembro ng pamilya na may sakit. Nag-aalok din ang Granite ng Personal Leave at Military Leave.

Kabilang sa mga plano sa proteksyon ng kita ang Workers' Compensation, Company Short Term Disability (STD), at lahat ng plano na minamandato ng estado. Dagdag pa, may iba pang Leave of Absence na maaaring hilingin bilang resulta ng mga kapansanan o pinsala na may kaugnayan sa trabaho na nagsasapawan sa mga batas ng estado at pederal, halimbawa, ang Americans with Disabilities Act (ADA), o ang California Fair Employment and Housing Act (FEHA) para sa mga empleyado na nakabase sa California.

## PAANO HUMILING NG LEAVE OF ABSENCE

### SIMULAN ANG IYONG LEAVE

Pumili ng isa sa dalawang paraan na ito:

#### Makipag-ugnayan sa aming sentro ng pangangalaga sa customer

nang walang bayad sa 833.589.0248 sa pagitan ng 8 am at 8 pm ET Lunes - Biyernes

#### Mag-log in sa aming portal

<https://mygrouplifedisability.aflac.com/personal> o i-scan ang QR code sa ibaba. Pagkatapos ay piliin ang Button na Mag-ulat ng Leave sa Aking Mga Kaso. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa amin.

### PAGKATAPOS MONG I-FILE ANG IYONG LEAVE:

#### Itinatalaga ang numero ng iyong kaso

Kapag kumpleto na ang intake, makakatanggap ka ng isang numero ng kaso.

Makikita mo ang numerong ito sa mga mensahe na ipinapadala sa iyo ng Aflac.

#### Susuriin ang iyong leave

Isang Aflac case manager ang maaaring makipag-ugnayan sa iyo kung kinakailangan ang anumang karagdagang impormasyon.

#### Ipapakoreo ang iyong welcome packet

Magpapakoreo ang Aflac ng welcome packet na may lamang: isang liham na nagbuod sa mga benepisyo, mga susunod na hakbang, at anumang kinakailangang form

Bisitahin ang <https://mygrouplifedisability.aflac.com/personal> sa anumang device o i-scan ang QR code upang suriin ang katayuan ng iyong claim, mag-upload ng mga dokumento, lumagda ng mga form, at ma-access ang impormasyon ng claim. Maaari ka ring mag-sign up para sa text messaging sa iyong case manager upang hindi mo mapalampas ang isang mahalagang mensahe.

**May mga tanong?** Tumawag sa aming Sentro ng Pangangalaga sa customer nang walang bayad: 833.589.0248 sa pagitan ng mga oras ng 8 a.m. - 8 p.m. ET Lunes – Biyernes.





# MAY MGA TANONG?

Makipag-ugnayan sa  
HRHelp@gcinc.com

Tumawag sa: (831 )761-7888  
Opsyon 2

